

# Ang Paggamit ng Inhaler na may Metrohan ng Dosis na may Spacer

Ang spacer ay dapat gamitin kung ang inhaler na may metrohan ng dosis ay ginagamit. Kapag ang spacer ay hindi ginamit, marami sa gamot ay mapupunta sa dila, sa likod ng lalamunan, o maging sa hangin. Ang spacer ay maghahawak ng gamot sa kanyang tsamber hanggang sa ito ay malanghap nang paunti-unti.

## Paano gagamitin ang inhaler na may spacer:

- Alisin ang takip sa inhaler at hawakan ito patayo.
- I-iling ang inhaler upang mahalo ang gamot bago gamitin.
- Ikabit ang inhaler sa spacer.
- Hayaan na langhapin ng iyong anak at huminga ng palabas sa spacer.
- Hayaan na ikiling nang kaunti ang ulo ng iyong anak ng patalikuran at ilagay ang bukadora sa bibig, at isarado ang labi.
- Pindutin pababa ang inhaler upang ilagay ang isang ihip ng gamot sa spacer.
- Ang bata ay dapat huminga nang mahina sa pamamagitan ng bibig (maraming mga spacer ay “magsisipol” kapag ang paghinga ay masyadong mabilis).
- Hayaan ng iyong anak na tigilan ang paghinga sa loob ng 5 segundo upang makalat sa бага ang gamot, tapos huminga nang mahina sa pamamagitan ng ilong.
- Maghintay ng pinakababa na isang minuto sa pagitan ng mga pag-ihip.
- Ulitin ang mga hakbang para sa lahat ng mga pag-ihip sa utos ng kanilang doktor.



*Ang tipikal na spacer ay may hitsurang ganito*



## Paano lilinis ang spacer:

Ilagay mo ang spacer sa itaas ng istante ng dishwasher o maari mong linisin ang spacer sa pamamagitan ng kamay.

Upang linisin iyon sa pamamagitan ng kamay:

- Alisin ang kanistra mula sa iyong aparatong inhaler
- Hugasan ang spacer sa mainit-init na tubig na may sabon isang beses isang linggo
- Banlawan ang spacer sa dumadaloy ng mainit-init na tubig
- Hayaan na matuyo sa hangin sa malinis na tuwalyang papel
- HUWAG PUNASAN ANG LOOB NG SPACER

Tanungin ang doktor para sa bagong reseta upang palitan ang spacer kapag ang spacer ay nabasag.